# *Aral sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 58*
# *Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Sardis Yugto 3*

***‘‘1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. 4Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6Ang may pakinig,ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.’’ (Pahayag 3:1-6)***

Si Jesus sa talata 3, sinalita sa simbahan ***“Alalahanin”, ‘‘3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.’’ (Pahayag 3:3)***

Patuloy nating suriin ang Banal na Kasulatan at basahin kung saan sinabi ng Diyos sa Kanyang bayan at sa atin ngayon na alalahanin, upang tayo ay mapaalalahanan na masigasig na gawin ang ating bahagi na nais ng Diyos sa atin upang kamitin.

***II. “Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ng Amalec sa daan nang ikaw ay lumabas sa Egipto;” (Deutronomio 25:17)*** Pinaalalahana Niya sila na magkaroon ng kamalayan mula sa Amalec, ang inapo mula sa Edom at sa masasamang bagay na ginawa niya sa kanila nang sila ay lumabas sa Egipto, at hiniling ng Diyos dito na alalahanin nilang harapin nang maayos ang gayong kaaway. Hiniling ni Moises kay Josue na humirang ng mga tao at lumabas at makipagbaka laban sa Amalec at siya’y magtatagumpay; at sinabi ng Diyos ang sumusunod: ***“13 At nilito ni Josue si Amalec, at ang kaniyang bayan, sa pamamagitan ng talim ng tabak.14 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ito na pinakaalaala sa isang aklat, at ipagbigay alam mo kay Josue na aking ipalilimot ang pagalaala kay Amalec sa silong ng langit.15 At nagtayo si Moises ng isang dambana, at pinanganlang Jehovanissi.16 At kaniyang sinabi, Isinumpa ng Panginoon: ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalec sa buong panahon ng lahi nito.” (Exodu 17:13-16)*** Ngunit nakalimutan ni Saul ang ginawa ni Amalec at nakalimutan ang hiniling ng Diyos sa kanya para gawin. ***“2 Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Aking tinandaan yaong ginawa ng Amalec sa Israel, kung paanong siya'y humadlang sa kaniya sa daan, nang siya'y umahon mula sa Egipto.3 Ngayo'y yumaon ka at saktan mo ang Amalec, at iyong lubos na lipulin ang buo nilang tinatangkilik, at huwag kang manghinayang sa kanila; kundi patayin mo ang lalake at babae, sanggol at sumususo, baka at tupa, kamelyo at asno.” (1 Samuel 15:2-3)*** Kahit na pagkatapos na ipaalalasa kanya ni Samuel na lipulin ang buong Amalekita hindi niya sinunod ang Diyos sa pamamagitan ng ganap na paglipol sa mga Amalekita, ngunit pinanatili niya ang kanilang hari na si Agag. ** Ang matutunan natin dito ay pinapaalalahanan tayo ng Diyos na huwag makipagkompromiso at huwag hayaang sumulong at manatili sa piling natin ang mga gumagawa ng masama. Nais din ng Diyos na alalahanin natin ang mga gumagawa ng masama at kung ano ang kanilang ginawa upang maunawaan natin kung paano kumikilos ang diablo laban sa katuwiran ng Diyos at sa Kanyang gawain, at kung paano siya kumilos sa ating kalagitnaan.* ***“Oh bayan ko, alalahanin mo ngayon kung ano ang isinangguni ni Balac na hari sa Moab, at kung ano ang isinagot sa kaniya ni Balaam na anak ni Beor; alalahanin mo mula sa Sittem hanggang sa Gilgal, upang iyong maalaman ang mga matuwid na gawa ng Panginoon.” (Micah 6:5)*** Si Balaam ay kumilos upang ipakilala ang immoralidad sa loob ng kampo ng bayan ng Diyos. ***Oh bayan ko, alalahanin mo ngayon*** *yaong mga nagturo sa iyo ng kasintahang babae at ng kasintahang lalake, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay at pag-aasawang muli atbp.* ***Oh bayan ko, alalahanin mo ngayon*** *yaong mga nagturo sa iyo upang ipagdiwang ang araw ng kapanganakan, ang araw ng puso, atbp. Kailangan nating alalahanin ang mga gumgawa ng masama laban sa atin sa pagpapahintulot ng mga immoralidad at mga kapistahang nag-alay sa mga dios-diosan upang makapasok sa ating kalagitnaan, upang maunawaan natin ang gawa ng diablo laban sa Diyos at laban sa Kanyang gawain upang ating maiwasan, upang panatilihin ang katuwiran ng Diyos sa ating kalagitnaan.*

***12. “7 Alalahanin mo ang mga araw ng una, Isipin mo ang mga taon ng lahi't lahi: Itanong mo sa iyong ama at kaniyang ibabalita sa iyo; Sa iyong mga matanda, at kanilang sasaysayin sa iyo.8 Nang ibigay ng Kataastaasan sa mga bansa ang kanilang mana, Nang kaniyang ihiwalay ang mga anak ng tao, Kaniyang inilagay ang mga hangganan ng mga bayan Ayon sa bilang ng mga anak ni Israel.9 Sapagka't ang bahagi ng Panginoon ay ang kaniyang bayan; Si Jacob ang bahaging mana niya.” (Deutronomio 32:7-9)*** Dito nais ng Panginoon sa Kanyang bayan na alalahanin na ang Diyos ay may malasakit sa kanila mula sa pasimula at

iniibig Niya sila, at Siya ay may malasakit na ibigay sa kanila ang pinakamagandang lupain. Ibinigay ng Diyos sa Israel ang pinakamagandang lupain sa sanglibutan dahil sila ay Kanyang bahagi. Katotohanang ibinigay ng Diyos sa Kanyang bayan ang pinakamatabang lupain sa sanglibutan. *Kahit sa ngayon kailangan natin palaging alalahanin na tayo ay bahagi ng Diyos at siya ay laging kumikilos sa ating ngalan upang ibigay ang pinakamahusay. Samakatuwid, alalahanin iyun nang mabuti at maging tapat sa Kanya.*

***"Alalahanin ninyo ang salita na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng Panginoon, na sinasabi, Binibigyan kayo ng kapahingahan ng Panginoon ninyong Dios, at ibibigay sa inyo ang lupaing ito." (Joshue 1:13)*** Muli ipinaalala ng Diyos sa Kanyang bayan sa pamamagitan ni Joshue na alalahanin na ibinigay Niya sa kanila ang lahat at ibinigay sa kanila ang pinakamabuting lupain. *Tayo din ngayon ay kailangang maniwala na binigyan tayo ng Diyos ng kapahingahan at ibinigay sa atin ng Diyos ang pinakamahusay sa lahat, Amen.*

***13.* "Hindi nila inalaala ang kaniyang kamay, ni ang araw man nang kaniyang tubusin sila sa kaaway." (Awit 78:42)** Dito sinasalita Niya ang tungkol sa hindi tapat. Nakalimutan nila ang ginawa Niyang mabuti sa kanila, hindi nila inalala ang ginawa ng Kanyang kamay sa kanila sa pagliligtas sa kanila mula sa mga kaaway at sa mga kaguluhan, nakalimutan nila ang mga araw nang sila'y nasa kaguluhan at iniligtas sila ng Diyos mula sa kanilang mga kaaway at umalis ang hindi tapat sa Kanya, o nakalimutan nila ang dakilang mga bagay na ginawa Niya sa kanila at kung paano Niya iniligtas sila sa mga kaguluhan, at ngayon sila'y umaasa sa ibang mga bagay para sa kanilang buhay at pagkatao. *Ang sinasabi ng Diyos sa iyo ngayon na ang Kanyang kamay ay sumasaiyo at tutulungan ka Niya at ililigtas ka Niya; magtiwala sa Kanya at gagawin Niya ito para sa iyo*. ***"Alalahanin ninyo ang kaniyang kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ginawa: ang kaniyang mga kababalaghan at ang mga kahatulan ng kaniyang bibig;" (Awit 105:5)*** *Kailangang palagi nating alalahanin kung anong ating natanggap mula sa Panginoon at ang mabubuting bagay na ginawa Niya para sa atin para magtagumpay tayo upang patuloy na maging tapat sa Kanya, gayundin upang patuloy na umasa as Kanya at lumapit sa Kanya sa ating mga kaguluhan, alalahanin ang Kanyang kagilagilalas na mga gawa patungo sa atin. * Kailangan nating alalahanin ang Kanyang kahatulan at ang Kanyang disiplina at ang Kanyang ginawa upang pigilan ang masama para matakot tayo sa Kanya.* Sinabi Niya na alalahanin, ***"ang mga kahatulan ng kaniyang bibig"***, ibig sabihin na gagawin Niya ang sinabi Niya sa Kanyang Salita. Ang lahat ng mga babala at disiplina na Kanyang sinabi sa Kanyang Salita ay babantayan Niya upang maisakatuparan.

***14. "Huwag ninyong alalahanin ang mga dating bagay, o bulayin man ang mga bagay ng una." (Isaiah 43:18)*** *Hindi dapat tayong mabuhay sa negatibong saloobin at patuloy na ituon sa ating mga naunang kabiguan at pagkabigo, ngunit magpatuloy kasama ng Panginoon upang gawin ang gawain ng Diyos at kung ano ang nais Niya gawin natin*. Bilang ang Diyos ay nagsisimula sa iyo ng bagong simula, sa gayon huwag isipin ang tungkol sa nakaraang mga kabiguan kundi ilagay ito sa iyong isipan. ***"Narito, ako'y gagawa ng bagong bagay; ngayon yao'y lalabas; hindi baga ninyo malalaman yaon? gagawa rin ako ng daan sa lupang masukal, at mga ilog sa ilang." (Isaiah 43:19)*** *Ang Diyos ay may bagong mga bagay na gagawin para sa iyo, gagawa siya ng daan sa lupag masukal at mga ilog sa ilang para sa iyong sariling kapakanan.*

***15. "Alalahanin mo rin naman ang Maylalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabataan, bago dumating ang mga masamang araw, at ang mga taon ay lumapit, pagka iyong sasabihin, Wala akong kaluguran sa mga yaon;" (Mangangaral 12:1)*** *Kailangan nating alalahanin na ang Diyos habang tayo ay nasa kabataan pa at kailangan nating ibigay ang pinakamabuti sa ating kapanahunan at magandang kalusugan sa kanya. Lagi tayong bata kapag ating inalala na maglingkod sa Panginoon. Gawin natin ito nang maaga habang tayo'y nasa kabataan bago tayo tumanda at hindi natin kayang kumilos at maglingkod sa Panginoon. Ating alalahanin na maglingkod sa Diyos habang tayo'y nasa kabataan. Alalahanin natin na gawin ang Kanyang kalooban habang tayo'y bata pa. Alalahanin natin na yumaon at magebanghelyo at gumawa ng mga disipolo habang tayo'y bata pa. Dahil kapag tayo'y matanda na wala na tayong kalakasan upang gawin iyon*. Ang simbahan ng Sardis ay hindi inalala ang tinanggap at hindi tinupad, kaya naman ang kanyang reputasyon ay patay.

***Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo:*** *Tayo ay tinawag upang tuparin ang lahat ng ating tinanggap mula sa Salita ng Diyos at utos at isabuhay ang ating buhay sa daan na kalugod lugod sa Kanya at simulang maglingkod sa Kanya.*

***I6. "Iyong alalahanin ang mga bagay na ito, Oh Jacob, at Israel; sapagka't ikaw ay aking lingkod: aking inanyuan ka; ikaw ay aking lingkod: Oh Israel, ikaw ay hindi ko malilimutan." (Isaiah 44:21)*** Alalahanin na ikaw ay lingkod ng Diyos at tinawag ka Niya upang paglingkuran Siya. Alalahanin na nilalang ka ng Diyos upang ikaw ay maglingkod sa Kanya at iyon ay kung paano mo ipapahayag iyon at huwag kakalimutan Siya. Si Jacob ay hindi gumawa ng mabuti sa ilang aspeto ng kanyang buhay at lumakad kasama ng Diyos, ngunit tinanggap pa rin siya ng Diyos at pinatnubayan siya sa katuwiran itinuwid siya unti unti at nilinis siya mula sa kanyang mga kasalanan. Tinawag siya ng Diyos at hinubog Niya siya sa daan at dinisiplina siya ng Diyos, pinaglaanan siya, pinotektahan siya, at tinutusan siya na kalaunan ay inilagay Niya siya sa sakdal na kalooban ng Diyos. Tayo ngayon ay katulad gaya ni Jacob, na tinawag ng Diyos, ***"Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating***

***lakaran." (Epeso 2:10)*** *Kasama natin ang Panginoon, nangangalaga sa atin, pinaglalaanan tayo, pinoprotektahan tayo mula sa panganib at paguusig, dinidisiplina tayo, sinasaway tayo sa ating mga kasalanan, at itinutuwid tayo kapag tayo ay gumagawa ng mali, dahil iniibig Niya tayo, at upang ibaik tayo sa tamang daan kapag tayo ay naliligaw ng landas. Sa lahat ng Kanyang ginagawa, pinapatnubayan tayo ng Diyos sa makipot na daan at ayaw Niyang makalimutan natin Siya.*

**17. "*Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises na aking lingkod na aking iniutos sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan." (Malachias 4:4)*** *Nais ng Diyos dito sa Kanyang bayan na alalahanin ang lahat ng Kanyang kautusan na ibinigay Niya sa atin ang Kanyang Salita at kailangan Niya sa atin na isagawa lahat sa ating buhay. Kaya naman tayo ay nagbabasa ng Biblya, pinag-aaralan natin ang Bibliya upang maisalapat natin ang sinasabi ng Diyos sa atin sa ating buhay.* ***"16 Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:17 Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti." (2 Timoteo 3:16-17)*** Ang lahat ng Salita ng Diyos sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan ay mabuti para sa doktrina, sa pagtutuwid, para sa pagsasaway, at para sa pagsasanay. Ilan sa inyo ang may Bibliya? Ilan sa inyo ang nagbabasa ng Bibliya? Ilan sa inyo ang nagbabasa ng Bibliya sa pagkakasunud-sunod? Ilan sa inyo ang nagbabasa ng tatlo o apat na kabanata bawat araw? Ilan sa inyo ang nagninilay at sinunod ang iyong binabasa? ***"Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo."***

***18. "Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din." (Juan 15:20)*** Dito inutusan ni Jesus ang Kanyang mga alagad at inuutusan tayo ngayo na alalahanin at huwag kalimutan ang Kanyang salita na nais Niya sa kanila at nais Niya sa atin na alalahanin na tayo ay hindi mas dakila o mas mabuti kaysa sa ating panginoon, ang ating Panginoong JesuCristo. Kung pinagusig nila si Jesus, at kinamuhian sa kabila ng lahat ng mabubuting bagay na ginawa Niya sa kanila sa gayon gagawin nila ang katulad sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon. Kahit na gumawa tayo ng mabubuting bagay sa kanila, uusigin pa rin nila tayo at guguluhin tayo bilang ganti sa mabubuting bagay na ibinigay natin sa kanila. Isa sa mga bagay na hindi natin malilimutan bilang tao ay ang pinsala at sakit na natanggap natin mula sa mga taong ginawan natin ang lahat ng kabutihan na magagawa natin para pagsilbihan sila. Nasasaktan tayo at naiinis kung susuwayin nila ang ibinigay natin sa kanila mula sa pagtuturo at sa mga tagubilin. *Ngunit dito ang Panginoong Jesus ay sinabi sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon, at ibinibigay sa atin ang tanda na kahit sa Kanyang Salita at sa Kanyang sinalita ay hindi nila tinupad, kung gayon paano natin maasahan na tuparin nila ang Salita na sinasabi natin sa kanila. Sinabi ni Jesus,* ***"Ang tumatanggap sa inyo ay ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin." (Mateo 10:40) "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang tumatanggap sa sinoman sinusugo ko ay ako ang tinatanggap; at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin." (Juan 13:20)*** Kaya sa mga hindi tumanggap sa atin at sa Salita ng Diyos na ibinigay natin sa kanila, hindi nila tinanggap si Cristo at ang Kanyang Salita at hindi nila tinanggap ang Diyos ang Ama.

Ang Banal na Kasulatan ay nagsasabi sa atin sa mga hindi nakinig sa atin ay hindi mula sa Diyos. ***"4 Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan.5 Sila'y sa sanglibutan: kaya't tungkol sa sanglibutan ang sinasalita nila, at sila na dinidinig ng sanglibutan.6 Tayo nga'y sa Dios: ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Dios ay hindi dumirinig sa atin. Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian." (1 Juan 4:4-6)*** *Sa mga hindi nakikinig sa atin at sumunod sa atin kapag ating sinalita ang Salita ng Diyos sa kanila hindi nila nakilala ang Diyosa.*

Kailangan nating alalahanin ang lahat ng mga detalye upang makatiyak tayo na kinakaharap natin ngayon mula sa mga panggigipit at kaguluhan sa mga taong pinaghirapan at pinagpagalan natin ay normal sapagkat sila'y hindi pag-aari sa Diyos. ***"18 Mumunting mga anak, ito ang huling oras: at gaya ng inyong narinig na darating ang anticristo, kahit ngayon ay lumitaw ang marami nang anticristo; kaya nga nalalaman natin na ito na ang huling oras.19 Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't na nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin." (1 Juan 2:18-19)***

Napakahirap na bagay na tanggapin ang pagtataksil at insulto at pang-aabuso lalo na kung ito ay nanggaling sa mga pinaglingkuran, tinuruan at tinulungan. Ipinaalala din ni Apostol Pablo sa simbahan ng Epeso na alalahanin ang mangyayari sa kanila; ang pagkakabahagi na iyon, at ang mga lobo na papasok at sisira, ***"Kaya nga kayo'y mangagpuyat, na alalahaning sa loob ng tatlong taon ay hindi ako naglikat sa gabi at araw ng paalaala sa bawa't isa na may pagluha." (Mga Gawa 20:31)*** Kailangan nating alalahanin ang mga bagay na ito na mangyayari para sa sumusunod na mga layunin:

1. *Kailangan nating alalahanin na ang gayong mga bagay ay mangyayari, at sa gayon, kailangang bantayan natin ang ating sarili at patuloy na bantayan ang mga nagsisikap na sirain ang gawain ng Diyos at yaong mga nagsisikap na sirain ang mga pag-aari ng Diyos.*

2. *Kailangan nating alalahanin na ang gayong mga bagay ay mangyayari, at sa gayon, huwag dapat tayong panghinaan ng loob kapag nangyari ang mga bagay sa ganoong paraan.*

3. *Kailangan nating alalahanin na ang gayong mga bagay ay mangyayari, at sa gayon, tanggapin ito kapag nangyari, dahil sa ganoong paraan nililinis ng Diyos ang Kanyang simbahan mula sa mga tinik, sa anti cristo, sa mga kambing, sa mga lobo, sa gumagawa ng masama at sa mga anak ni Belial,* ***"Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin." (1 Juan 2:19)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** *Ating italaga ang ating sarili sa mga simulain na narining natin upang gawin mula sa Kanyang Salita. Ating ipangako ang ating sarili upang alalahanin kung ano ang sinabi sa atin sa Kanyang Salita at isagawa ang mga iniutos na ito nang tapat sa ating buhay habang tayo'y nagpapatuloy para maglingkod sa Kanya.*

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at bumangin mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na humikayat sa akin at nagpaalala sa akin ng iyong mga daan.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan_________________________________. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang sundin ang mga sunusunod na kautusan mo__________________________________________________. Panginoon ipinapangako ko an aking sarili upang magpakita ng isang mabuting halimbawa sa iba, at magparami ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu sa aking buhay upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga Kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita, at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sa iyo sa paraan na nais mong isabuhay nila para sa iyo; Panginoon protektahan sila, panatilihin sila, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon gamitin ang kanilang buhay upang maging mabuting halimbawa sa iba upang maakit sa iyo.*

*Panginoog pagpalain kami at alayayan kami bilang isang simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu na kailanga naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, kami'y nanalangin na bigyang-daan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 58Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Sardis Yugto 3. Pahayag 3:3. Deutronomio 25:17. Exodu 17:13-16. 1 Samuel 15:2-3. Micah 6:5. Deutronomio 32:7-9. Joshue 1:13. Awit 20:7. Awit 78:42. Awit 105:5. Isaiah 43:18-19. Mangangaral 12:1. Isaiah 44:21. Epeso 2:10. Malachias 4:4. 2 Timoteo 3:16-17. Juan 15:20. Mateo 10:40. Juan 13:20. 1 Juan 4:4-6. 1 Juan 2:18-19. Mga Gawa 20:31.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com